Republic of the Philippines
Department of Education
CARAGA REGION
J. Rosales Avenue, Butuan City,
Agusan del Norte, Philippines, 8600

DEPARTMENT OF EDUCATION
RELEASED
DATE: 01 APR 2019
SIGNATURE
CARAGA REGION

REGIONAL ADVISORY No. 051 s., 2019
March 26, 2019

**To :** **Schools Division Superintendents**
**This Region**

**Subject:** **Ikasampung Pambansang Kongreso sa Wika at Panitikang Filipino**

**Date :** April 27-30 , 2019

---

1. This office is hereby disseminating the letter of Mr. CELESTINO S. DALUMPINES , Pangulo, KASUGUFI re : Ikasampung Pambansang Kongreso sa Wika at Panitikang Filipino on April 27-30 , 2019 at Benetiz Hall ,Teachers Camp, Baguio City

2. Other relevant information about the said seminar is indicated in the attached letter.

3. Participation of teachers and supervisors , both in public and private schools shall be on on Official Time only.

4. Dissemination of this **Advisory** is highly desired.

**FRANCIS CESAR B. BRINGAS**
**OIC- Regional Director**

Clmd04/aak
03/30/2019

KOMISYON SA WIKANG FILIPINO
Gusaling Watson, 1610 JP Laurel Street, Malacañang Palace Complex, San Miguel, Manila
TANGGAPAN NG KAPISANAN NG MGA SUPERBISOR AT GURO SA FILIPINO (KASUGUFIL)

12 Marso 2019

DEPED RO XIII-Records
RECEIVED
MAR 26 2019
Control No. 4176
by:

**Dr. FRANCIS CESAR B. BRINGAS**
Panrehiyon Direktor
Kagawaran ng Edukasyon- R XIII (CARAGA)
KM 3, Libertad Street
Lungsod Butuan

**Mahal na Direktor Bringas:**

Pagbati!

Malugod na ipinababatid namin na ang Kapisanan ng mga Superbisor at Guro sa Filipino (KASUGUFIL) Nasyunal ay magdaraos ng **Ikasampung Pambansang Kongreso sa Wika at Panitikang Filipino** na may tema na: *KASUGUFIL: Sipat, Sisid, Saliksik (S3), Gurong Filipino ng K to 12 sa Makabagong Daigdig*, na gaganapin sa 27-30 Abril 2019 sa Benitez Hall, Teachers Camp, Lungsod Baguio.

Layunin ng kongreso ang sumusunod:

a. Masipat ang kahalagahan ng wikang Filipino sa larang ng Gramatika at Panitikan;
b. Masisid pang lalo ang ambag ng wikang Filipino bilang midyum sa pagtuturo;
c. Mabigyang-halaga ang kultura ng pagbabasa sa bahay at sa paaralan;
d. Maipaliwanag ang kahalagahan ng pagsasalin tungo sa programa ng kontekstualisasyon.

Inaasahang dadalo ang mga puno ng kagawaran, punungguro, superbisor, tagapag-ugnay, at guro sa Filipino sa lahat ng antas ng mga publiko at pribadong mga paaralan sa buong bansa.

Ang bawat dadalo ay magbabayad ng registration fee na Tatlong Libo at Limandaang Piso (PhP3,500.00) para sa pagkain, akomodasyon sa tatlong (3) araw , t-shirt, CD hand out, honoraria ng mga tagapanayam, seminar kit, at iba pang mga gastusin sa kongreso. Ang unang pagkain ay ihahain sa gabi (Hapunan) ng 27 Abril 2019 at ang huling pagkain ay ihahain sa tanghali (Pananghalian) ng 30 Abril 2019. May karagdagang Isandaan Piso (PhP100.00) na bayad kasapian sa mga bagong dadalo at Limampung Piso (PhP50.) sa mga dati na kasapi ng KASUGUFIL.

Kaugnay nito, hinihiling po namin ang inyong tulong at suporta sa pamamagitan ng pagpapalabas ng Memorandum Pantanggapan para sa mga nais dumalo sa inyong rehiyon sa nabanggit na kongreso.

Maraming salamat po!

Lubos na gumagalang,

**CELESTINO S. DALUMPINES IV**
Pangulo, KASUGUFIL

Advisory No. 032, s. 2019
Marso 8, 2019
In compliance with DepEd Order (DO) No. 8, s. 2013
this advisory is issued not for endorsement per DO 28, s. 2001,
but only for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
(Visit *www.deped.gov.ph*)

## IKA-10 PAMBANSANG KONGRESO SA WIKA AT PANITIKANG FILIPINO NG KAPISANAN NG MGA SUPERBISOR AT GURO SA FILIPINO

Ang Kapisanan ng mga Superbisor at Guro sa Filipino (KASUGUFIL) ay magsasagawa ng Ika-10 Pambansang Kongreso sa Wika at Panitikang Filipino na may temang KASUGUFIL @ 10: Sipat, Sisid, Saliksik (S3), Gurong Filipino ng K to 12 sa Nagbabagong Daigdig na gaganapin mula Abril 27 hanggang 30, 2019 sa Bulwagang Benitez, Baguio Teachers Camp, Lungsod Baguio.

Ang layunin ng kongreso ay ang mapag-usapan ang pagpapalago ng wikang Filipino tungo sa katuparan ng mga layunin ng *K to 12 Curriculum*.

Inaasahang dadalo ay ang mga superbisor, puno ng mga paaralan at kagawaran, at mga pampubliko at pribadong guro sa Filipino magmula sa elementarya hanggang sekondarya.

Ang patakaran sa partisipasyon ng mga guro at mag-aaral sa pampubliko at pampribadong paaralan ay dapat naaayon sa *no-disruption-of-classes policy* na nasasaad sa DepEd Order No. 9, s. 2005 na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith.*

Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan kay:

Celestino S. Dalumpines IV
Pangulo, Kapisanan ng mga Superbisor at Guro sa Filipino
Komisyon sa Wikang Filipino
Gusaling Watson, 1610 JP Laurel St.
Malacañang Palace Complex, San Miguel, Manila
Mobile Phone No.: 0916-639-0914